OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
Sta. Cruz, Laguna

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG DISYEMBRE 04, 2023, LUNES, IKA-9:27 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Norman T. Tolentino | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Esmeraldo C. De Las Armas, Jr. | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Patrocinia S. Kalaw | ..... | Kagawad/ABC Federation President |
| Kagalang-galang Mark Anthony M. Juangco | ..... | Kagawad/ Pangulo – SK Pederasyon |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | ..... | Kagawad – legal reason |

OFFICE OF THE SANG. BAYAN RELEASED NAME mai DATE 01/09/24 TIME ____ STA. CRUZ, LAGUNA

SANGGUNIANG BAYAN OFFICE RECORDED By: 08 JAN 2024 Santa Cruz, Laguna

**KAPASIYAHAN BLG. 402-T2023**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 60-T2023/ KAUTUSAN SA PAGLALAAN BLG. 05-T2023 NG SANGGUNIANG BARANGAY NA NAGKAKAHALAGA NG ISANG DAAN TATLUMPU'T LIMANG LIBO PITUMPU'T PITONG PISO AT TATLUMPU'T LIMANG PISO AT TATLUMPU'T LIMANG SENTIMOS (P135,077.35) PARA SA LIMANG BAHAGDAN (5%) GENDER AND DEVELOPMENT (GAD) FUND NG BARANGAY JASAAN, SANTA CRUZ, LAGUNA.**

**SAPAGKAT**, iniliwat ng Lupon sa Pananalapi ng pamahalaang bayan ang Kapasiyahan Blg. 60-T2023 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 05-T2023 ng Barangay Jasaan na naglalayong makapagpatibay ng 5% Gender and Development (GAD) Fund ng nabanggit na barangay;

**SAPAGKAT,** ito ay napaliwat sa mga Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan at Lupon sa Barangay Affairs ng Sangguniang Bayan para sa pag-aaral at pagsusuri;

**SAPAGKAT,** matapos na ito ay matalakay at malaman ng mga kasapi ang mga pangunahing pangangailangan ng barangay na paglalaanan ng naturang pondo ay ipinasya ng Tagapamuno ng naturang lupon na irekomenda ang pagpapatibay nito.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa mungkahi ni Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw (Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan), na pinangalawahan nina Kgg. Norman T. Tolentino, Kgg. Ambiel John C. Panganiban, Kgg. Esmeraldo C. De Las Armas, Jr., Kgg. Lea A. Almarvez at Kgg. Mark Anthony M. Juangco at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan, ay

**PINAGPASIYAHANG**: Pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 60-T2023/ Kautusan sa Paglalaan Blg. 05-T2023 ng Sangguniang Barangay na nagkakahalaga ng P135,077.35 para sa Limang Bahagdan (5%) Gender and Development (GAD) Fund ng Barangay Jasaan, Santa Cruz, Laguna.

**INIUUTOS** : Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos at Sangguniang Barangay ng Jasaan, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Disyembre 04, 2023.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**MARIA LUISA F. JOLO**
Gumaganap na Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

**KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY: 1/5/24

**KGG. EDGAR S. SAN LUIS**
Punong Bayan

01042416